TM: 14361

DEPARTMENT OF EDUCATION RELEASED DATE: 31 OCT 2018 SIGNATURE CARAGA REGION

14361

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**REGION XIII-Caraga**
Butuan City

**REGIONAL ADVISORY No. 151 s., 2018**
October 24, 2018

To : **Schools Division Superintendents**
This Region

From : **FRANCIS CESAR B. BRINGAS , CESO V**
OIC- Regional Director

Subject: **Pambansang Kumperensiyang Pang-agham**

Date : November 14-16, 2018

---

1. Please find attached letter from Director Bernard John V. Tongol,Ph.D. , Director , UST Research Center for the Natural and Applied Sciences re : **Pambansang Kumperensiyang Pang-agham on November 14-16,2018** at Thomas Aquinas Research Complex ng University of Santo Tomas, España Boulevard, Sampaloc , Metro Manila.

2. Immediate dissemination of this Advisory is highly desired.

clmd4/aak
81024/2108

UNIVERSITY OF SANTO TOMAS
RESEARCH CENTER FOR THE NATURAL & APPLIED SCIENCES

cmp

RCNAS Records
UNIVERSITY OF SANTO TOMAS
RECEIVED
OCT 18 2018
No.: 13141
by:

UST: SO37-00-LE108
AY 2018-2019

**15 Setyembre 2018**

**Dr. Francis Cesar B. Bringas**
**Regional Director**
**Department of Education – Region XIII (CARAGA Administrative Region)**
**Jose P. Rosales Avenue**
**Butuan City**

**Mahal na Dr. Bringas:**

Ang Research Center for the Natural and Applied Sciences (RCNAS) katuwang ang Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) ay magdaraos ng **Pambansang Kumperensiyang Pang-Agham** https://www.pkp-agham.com/ sa ika-14 hanggang ika-16 ng Nobyembre 2018 sa Thomas Aquinas Research Complex ng UST. Ito ay kaugnay ng pagdiriwang ng ika-25 taon ng Panayam Pang-Agham na taon-taong isinasagawa ng RCNAS.

Itatampok sa kumperensiya ang temang "**Masulong na Agham sa Wikang Filipino**." Pangunahin nitong layuning mapayabong ang gamit ng wikang Filipino sa mga diskurso at talakayang siyentipiko at teknikal. Naniniwala kaming makakatulong ito sa pagsusulong ng adhikaing "Agham Para sa Lahat" at sa paglalahok ng karaniwang tao sa usaping pang-agham.

Kaugnay nito, inaanyayahan namin kayo, mga kapuwa ninyong akademiko at eksperto, at inyong mga guro sa Dibisyon na makilahok sa kumperensiyang ito. Ang huling araw ng pagpapatala sa website ay sa **ika-19 ng Oktubre 2018**. Ang halaga ng pakikilahok ay PhP 2,000. Kasama rito ang pagkain para sa tatlong-araw na kumperensiya, mga materyales, at sertipiko. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kumperensiya, maari ninyong basahin ang mga kalakip na flyer, o kaya'y bisitahin ang aming website na https://www.pkp-agham.com. Para sa mga tanong, maari kayong mag-email sa PKPagham@gmail.com.

Maraming salamat at tunay na makasusulong ang agham at teknolohiya sa ating bayan gamit ang wikang Filipino!

Lubos na sumasainyo,

**BERNARD JOHN V. TONGOL, Ph.D.**
*Direktor, UST Research Center for the Natural and Applied Sciences*

# Pambansang KUMPERENSIYANG PANG-AGHAM

"Masulong na Agham sa Wikang Filipino"

## Paanyaya

Malugod namin kayong inaanyayahan lumahok sa **Pambansang Kumperensiyang Pang-agham** na gaganapin sa Unibersidad ng Santo Tomas, Manila sa ika-14 hanggang ika-16 ng Nobyembre 2018.

Itatampok sa Pambansang Kumperensiyang Pang-agham ang paglalahad sa wikang Filipino ng mga pag-aaral at saliksik sa masulong na paksa sa agham at teknolohiya. Lalahok sina National Scientist Dr. Lourdes Cruz at National Artist Dr. Virgilio Almario, kasama ang ilang kasapi ng National Academy of Science and Technology (NAST) at National Research Council of the Philippines (NRCP).

Itinatanghal ang kumperensiya bilang pagdiriwang ng ika-25 taon ng Panayam Pang-agham na isinagagawa ng Research Center for the Natural and Applied Sciences ng Unibersidad ng Santo Tomas.

Ang **Pambansang Kumperensiyang Pang-agham** ay magkasamang tinataguyod ng Research Center for the Natural and Applied Sciences at Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas, at ng Komisyon sa Wikang Filipinio.

## Tampok na tagapagsalita

- *National Scientist* Lourdes Cruz



- *National Artist* Virgilio Almario



- *CHED Commissioner* Lilian de las Llagas
- *Academician* Fabian Dayrit
- *Academician* Evelyn Mae Mendoza
- *Academician* Fortunato Sevilla III

**14 – 16 Nobyembre 2018**
**Unibersidad ng Santo Tomas, Manila**

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PARTISIPASYON SA "PAMBANSANG KUMPERENSIYANG PANG-AGHAM" NA INORGANISA NG UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS NA GAGANAPIN SA NOBYEMBRE 14-16, 2018 SA THOMAS AQUINAS RESEARCH COMPLEX, UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS, MAYNILA** |
| **PETSA** | : | Setyembre 7, 2018 |

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722*, na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) katuwang ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang seminar na ito ay bukas sa lahat ng mga guro mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Department of Budget and Management (DBM) National Budget Circular (NBC) No. 563*.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Secretariat ng kumperensiya sa telepono blg. (02) 406-1611 lokal 4037 o mag-email sa PKPagham@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA**
Panunumparang Pinuno
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

2018-0828-213_cmp_UST KWF Pambansang Kumperesiyang Pang-agham